

Mga Patnubay na  
makatutulong sa inyo para...

Sa Matipid na Paggamit  
ng Elektrisidad (Energy)  
at Pagiípon ng Péra



Para sa mas marami at iba pang paraán  
sa pagtitipid ng elektrisidad (energy) ay  
bisitahin ninyo kami sa  
[www.energy.gov.on.ca](http://www.energy.gov.on.ca) o kaya naman ay  
tawagan kami sa 1-888-668-4636.



Ang pamahalaán ng Ontario ay nakatalagang pangalagaan ang kapakanan ng mga tao sa Ontario sa pamamagítan ng paggawa ng ibát-ibang mabisang paraán sa paggámit ng elektrisidád.

Ang mga pagbabagong itó ay nauukol sa paglikha ng kultura ng katipiran (conserbasion) at malínis na Ontario, habang tinitiyak ang pananatili ng ibát-ibang panggagalingan ng elektrisidád na patuloy, tiyak at maaásahan sa presyong walang talo.

Para sa mas maraming inpormasyon bisitahin kami sa [www.energy.gov.on.ca](http://www.energy.gov.on.ca) o tumawag sa 1-888-668-4636.

**Magtipid sa Paggamit ng  
Elektrisidad (Energy)  
Magipon ng Pera  
Iligtas ang Ating Kaligiran**

Kayo'y magugulat kung paano kadali ang magtipid ng elektrisidad sa inyong mga tahanan kadalasan ay hindi kayo magkakagasta ng kahit isang pera.

Sundin lamang ang mga subók na patnúbay na tinutukoy sa libritong ito at makapagsisimula na kayong magipon ng péra kaagad. Ito ay perang maári ninyong gastahin para sa ibang bagay, at, hindi lang yan, kundi makatutulong pa kayo sa pagpapabuti ng ating kaligiran.

Magsimula na ngayóng na magtipid ng elektrisidad, at tignan kung magkano ang inyong maípon!


Ito ang paano ginagamit ang elektrisidád (energy) sa Ontario*	Para sa taonang kuwenta na nagkakahalaga ng \$2,000**	
Lugar na ipinaíinit	57-62%	\$1,140 - \$1,240
Tubig na ipinaíinit	20-21%	\$400 - \$420
Gamit na de-koryénte (appliances)	12-13%	\$240 - \$260
Mga Ílawán	4-5%	\$80 - \$100
Pampalamig ng báhay	0-7%	\$0 - \$200

\* Maraming dahilan ang makakapecto sa inyóng taonang babayaran sa elektrisidád. Ang laki o sukat ng inyóng tirahan, iba't ibang klema panahon, kung gaano kahusay ang inyóng mákina na nagpapaínit ng báhay (furnace), mga iba't ibang mákina (appliances) na gumagámit ng elektrisidád katulad ng pridyeder, pugon, panlaba at pantuyo sa mga damít at iba pa. Gayon din ang pangkontrol ng init o lamíg sa loób ng báhay (thermostat settings), ang bilang ng táong nakatira sa báhay at ang halagá ng elektrisidád sa inyóng lugar.

\*©Ginawáng mulí na may Pahintúlot mula sa Minister ng Likás na Kayámanan ng Canada (Minister of Natural Resources Canada), 2004.

\*\* Pinangalingan: Data para sa Ontario, 2000-Opisina ng Enerhiyá Efficiency (Office of Energy Efficiency), Likás na Kayámanan ng Canada (Natural Resources Canada), at Estadistika ng Canada (Statistics Canada).

# Págpapainit at (&) Págpapalamig




## Ang págpapainit at págpapalamig ng inyóng mga tahánan ang nanánagot sa 60 animnapúng porsyénto (60%) na halagá ng elektrisidád na inyóng binábayáran.

Sundín ang mga patnúbay na itó at makikíta ninyo ang malakíng katipiran sa inyóng babayaran sa elektrisidád (energy bill).

### Págpapainit at (&) Págpapalamig

Mágpalagáy ng bentiladór sa kísame ng báhay, sapagkát itó ay matipíd sa konsúmo ng elektrisidád. Magagámit ninyo itó ng kahit walang erkondisyon ang báhay o maaári ring gamitin na pandagdág-lamig sa nakabukás na erkondisyon (air conditioning). Sa tag-inít, tiyakín lamang na ang direksiyon ng hángin na ibiníbígay ng bentiladór ay pababá.

#### patnúbay:



#### MAGTIPÍD PA NG MÁS HIGÍT

Mágpalagáy ng programmable thermostat na may nagkokóntrol ng temperature (timer) ang inít o lamíg sa pamamáhay, sa pamamagítan nito ay inyóng maibábabá ang temperature ng inít sa báhay ng iláng grádo sa gabí, o kapag kayo ay aalis ng báhay, o magpápatay ng erkondisyoner (AC). Kóntra sa áting popular na kinágawián, ang iniíwang bukás na erkondisyoner (AC) kahit walang táo sa báhay, ang sistéma na mágpalagáy ng thermostat sa báhay ay makatutúlong sa matipíd na paggámit ng elektrisidád. Ang inyóng naípon ay maaári ninyóng ipambáyad para sa thermostat sa halagáng (limampung dolyares (\$50) lamang) sa únang taón sa pamamagitan ng pagbábabáng temperature ng inít ng iláng grádo sa gabí o kapag walang táo sa báhay. Isípín na lang kung gaano ang inyóng maiipóng péra sa loób ng lima (5) o sampúng (10) taón!

### Mga patnúbay:

Para makatipíd sa pagbabáyad ng halagá ng konsumo sa pagpapainit ng tahánan, ibabá lamang ang temperatura ng inít ng iláng grádo sa gabí at kapág aalis ng bahay.

Sa tag-inít, isara ang mga kurtína o ibá pang pangtakíp na ginagámit sa mga bintána sa araw na sóbra ang inít. (At saka buksán mo ang mga takíp ng bintána na humáharap sa gawí ng tímog kapág mataás ang áraw, sa panahón ng táglamíg!

Gumámit ng karpét sa malamíg na sahíg kung ang inyóng mga páa ay malálamig, gayón dín ang inyóng katawán.

Kung kayo ay ginigináw, magsuót ka ng suweter sa halíp na itaás ang temperatura ng inít sa báhay.


Linisin o dí kayáy palitán ang salaan ng (air filter) ng mákina na nagpapainit ng báhay (furnace), buwán-buwán úpang manatíli ang kahusáyan nito sa pagbíbigay ng inít sa inyóng tahánan.

Para mas makatipíd pá sa konsúmo at pagbabáyad sa paggámit ng erkondisyoner (AC), subúkan ninyóng ilagáy ang thermostat sa temperatura na umaábot sa 24 or 25 grádo Celsius (°C), sa halíp na 20° grádo Celsius (°C). Kapág ang temperatura ay más mabába ng kahit isáng grádo kaysa 26° grádo Celsius (°C), ang inyóng konsumo sa elektrisidád ay tátaás!

-Isará ang mga ilaw na hindi kailángan o hindi ginagámit sa báhay. Ang mga nakabukás na ilaw ay nagbíbigay ng sóbrang inít sa loób ng bahay at dahil dito, ang erkondisyon (AC) ay waláng tígil sa pagandár.

Ang pagtitipíd sa paggámit (conserbasion) ay kasing dalí ng pagtataním ng púno. Magtaním ng púnong madáhon sa maáraw na lugar sa inyóng báhay. Sa tag-inít o tag-aráw, ito ay magbíbigay ng lílim át sa tag-lamíg naman, dahil sa nagláglágan ang mga dáhon, ito ay nagbíbigay daán sa sikat ng áraw na pumapások sa bintána, kaya magdudulot ng inít sa pamamahay. Ang púno na pine o fir na nakataním sa direksiyon ng hilága (north) ay magbíbigay ng túlong sa págtitipíd ng paggámit ng elektrisidád sa pagsangga ng malamíg na hángin.

# Tangké ng Mainít na Tubig



**Kayo bá ay nagsásayáng ng mainít na tubig? Naríto ang paraán upang sugpúin ang pagaaksaya ng enerhiyá (energy).**

## Mg Patnúbay:

Tiyakín na isará ang tangké ng mainít na tubig (water heater) bago magbakasyon o kung íiwan ninyo ng matagal ang inyong táhanan.

Kumpunihin ang mga gripo na tumutulo ang kaunting mga túlo na iyán ay maaáring magíng siyamnapu't limáng lítro (95 litro) ng tubig bawat gripo sa isang buwán na nagkakahálag ng pitóng kilowatt (7 kWh) buwán buwán.

Ang paglalagáy ng mga aparato na nagkokontról ng búhos ng tubig na gáling sa gripo (low flow aeraters) ay makatutúlong sa pagtitipíd ng tubig at elektrisidád.

Magbawas ng isáng baldé ng tubig na galing sa tangké ng mainít na tubig (water heater) tuwing tatlong buwan (3 months), upang maalis ang latak (sediment) na humahadlang sa pagsalin ng init sa tubig na siyang nagiging dahilan ng hindi mabisang trabaho ng tangké, o kay namán ay sundín ang rekomendasyon ng tanggáwaw.

## Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Sa kaináman, ang tangké ng mainít na tubig (water heater) ay pumápangalawá sa mákina na nagbíbigay ínit mga bahay (heater) sa lakas ng pagkonsúmo sa elektrisidád. Ang tangké na may isang daán at pitungpút limáng litro ng túbig (175-litre tank) ay maaáring gumámit ng limáng líbong kilowatt (5000 kWh) bawat taón, halagá na hálos limáng daáng dolyares (\$500) sa ngayóng mga présyo.

## Tangké ng Mainít na Tubig

Ang paggamit ng dútsa (shower) kapág maliligo ay makatutúlong sa pagtitipíd ng paggámit ng mainít na tubig. Kung kayo ay gagamit ng banyera (bathtub), ang inyóng

makokonsúmong mainít na tubig ay mga pitongpó lítro (75 litro) at limáng samantalang kapág dútsa

### patnúbay:

(shower) ang inyóng ginámit, sa loób ng limáng minúto (5-minute), kalaháti lang noón ang inyong makokonsúmong mainít na tubig.



### MATIPÍD NG MARÁMING-MARÁMI


Ang pagbabálot ng inyóng tangké ng mainít na tubig (water heater) sa pamamagitan ng blangket (tank blanket), ay makatutúlong sa pagbabá ng inyóng konsúmo sa elektrisidád.

### Ang inyóng repridyerétor (refrigerator) ay nagtatrabáho ng waláng tígil, ngunit mayroóng maráming lib्रेng paraán úpang makatipíd sa elektrisidád (energy).

#### Repridyerétor

##### patnúbay:

Huwag pabayaang maipon ang yelo (frost) sa palamigan (freezer) ng higit sa ánim na milimetro (6mm). Tunáwin ang yelo ng panáyan upang itó ay magpatúloy na magbigay ng mahúsay na serbísio sa inyó.



#### NAGHÁHANAP BA KAYÓ NG BÁGONG REPRIDYERÉTOR?

Tiyakin na ang repridyerétor (refrigerator) na inyong bibilihin ay may taták na EnerGuide. Isaalang-álang ang pagtitipíd ng elektrisidád (energy) sa inyong kapasayahán kapág namímili o mamuhúnan ng kaunti sa pamamagítan ng pagbilí ng ENERGY STAR®-angkóp (qualified) na modélo. Ang repridyerétor na may ganitong tatak ay nagdadala ng mas higit sa mínimóng mga kahusayan ng modélo sa pagtitipid (federal energy efficiency) istándard ng elektrisidád (energy). Kahit na sampúng porsyénto (10%) lámang ang inyong matitipid sa elektrisidád, sa bandáng huli, kayó ay makakapágtipid.

#### Mga Patnúbay

layos at ilagay ang temperatura ng repridyerétor sa grádo ng lamig na tamang-tama lamang sa inyong pangangailangan. Tignang muli ang mga tagubilin ng taggágawa.

Huwág magtágo ng lumang repridyerétor na bihirang ginagamit sa silong ng báhay (basement). Kayo ay maaáring magbáyad ng isang daán at limangpúng dolyar (\$150) o más higit pa, sa paggámit ng elektrisidád sa loób ng isang taón.

Huwág masyádong punuín ang repridyerétor (refrigerator) upang hindi magbará ang sirkulasyón ng hángin. Kabalíktaran namán nitó ay, ang palamigan (freezer) ay lálóng humuhúsay magbigay ng serbísio kung ito ay púno ng laman.

Inspeksiyónin ang pintó ng repridyerétor kung itó ay nagsásara ng táma. Mag-ípit ng limáng dolyár na papel (\$5), sa pintó ng repridyerétor at isará. Kung hindi mahúlog ang dolyar, ang higgít ng pintó ay "OK" pa, kung mahúlog ang dolyár, ang pintó ay dápat ng ipagawá.

Linisin tuwíng ikátlong buwán ang rolyo ng alámbré na nakalagáy sa likód (coils) ng repridyerétor (refrigerator) at ang parílya na humihígop ng hángin (air intake grill) na nása ibabá namán ng pintó ng repridyerétor.

Ilagáy ang repridyerétor o palamigan (freezer) (sa malayo sa sikat ng araw) at magbigáy ng limáng séntimetro (5 cm) sa palígid nitó úpang makasingaw ang ínit na lumalabas mula sa kompresor at kondensang koil.

Palamigin múna ang maínit na pagkáin bágo ípasók sa repridyerétor.

#### Ang mga Katunayan Tungkól Sa Enerhiyá

Ang repridyerétor ay isá sa mga malalákás gumámit ng elektrisidád sa laháat hálos ng pamamáhay. Napabuti ng malki nitong mga táong nakaraan ang mabisang kakayahan ng repridyerétor pero nakahihigit parin ang repridyerétor na may taták Energy Star kaysa sa pinakamataás na presyong modélo.



**Ang kalán ay isa pang malakás na gumámit ng elektrisidád (energy). Narito ang mga ilang mabisang patnúbay na makatutúlong sa inyong pagtitipíd.**

### Kalán / Hurnó

#### patnúbay:

Kúng ginagámit ang kalán, tiyakín na may takíp ang kaldéro, upang manatili ang ínit, at dahilan upang inyóng maibábá ang termpertúra ng ínit sa kalán.



#### ALAM BA NINYO?

Alam ba ninyo... na ang isang óras na kilowat (one kilowatt hour) ay ang kabúuán ng elektrisidád ng isang daáng kilowat (100-watt) na bombílya na nag-ílaw ng sampúng óras.

Ang katamtámang paggámit ng elektrisidád sa mga pamamáhay ng Ontario ay mga isáng líbong (1000 kilowatt) óras na elektrisidád buwán-buwán.

#### Mg Patnúbay:

Sa halip na gumámit ng kalan, magpakuló ng tubig sa kaldérong elektrisidád (electric kettle). Más matipíd itong gamítin kaysa sa kalan.

Tunáwin ang mga nagyélong pagkain sa loób ng reprídyerétor bágo ito ilúto. Basáhin ang mga etiketa para sa mga tagubílin.

Kapag sasapinán ng alumínyo (aluminum foil) ang ilalim ng loób ng hurnó úpang huwág malagyán ng túlo ng mantíka o mga nilulúto, tiyakín lámang na hindí nababarahan ng alumínyo ang mga bútas para sa sirkulasyón ng hurnó at huwág maglálagay ng alumínyo sa mga parílya ng hurnó.

Isará ang hurnó bagó matapos ang lutúin itó ay mananatiling maínit hanggáng malubos ang paglúto.

Huwág gagamit ng malakíng kaldéro kung ang iluluto ay kakaúnti, at saka gumámit ng támang súkat na kalán (element).

Kalahatáng pátakaran: kapag magluluto ng kaúnti, gumámit ng maliliít na mga aparáto sa kusína (appliances) gaya ng pang tusta ng tinapay (toaster overn), de koryénte na nagíínit ng tubig (electric kettle), o kaya namán ay modérnong hurnó (microwave).



#### Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Ang mga microwave na hurnó ay mas matipíd ng pitongpút limáng porsyénto (75%) sa elektrisidád / enerhiyá (energy). Kaya kung maaári ay sa halip na gumámit ng kalán o hurnó, ay microwave ang piliíng gamítin.

# Dishwasher

## Mákinang pang húgas ng pinggán

**Iwásan ang pagbabáyad ng malaking halagá sa paggámit ng elektrisidád kung naghuhúgas ng pinggán.**

### Mákinang pang húgas ng pinggán

**patnúbay:** Punuín múna ang dishwasher at isét ito sa energy-saving cycle, bago paandarín.



### ILIGTÁS ANG KAPALIGIRAN

Sa taglamíg, ang óras na may pinakamataás na pangngailangan ng elektrisidád ay karaniwang nangyayári sa óras ng alas kuwátro ng hapon hanggang alas nuwebé ng gabí (4 to 9 PM). Kung maaari ay subú kang gawín ang mga trabáhong hindi namán kailángang-kailangan sa pagitan ng alas nuwébe (9 PM) ng gabí at alas siyéte ng umága (7 AM). Sa tag-inít namán, ang óras na may pinakamataás na pangángailangan ng elektrisidád ay karaniwang nangyayári sa pagitan ng alas diyés ng umaga (10 AM) hanggang alas kuwátro (4 PM) ng hápon. Péro ang malakás na konsúmo ng pámahayaán ay maaáring umábot pa hanggang hatingsgabí, dahil sa paggámit ng mga erkondiyonser (air conditioner).

Sa pamamagítan ng paggáwa ng mga hindi namán gaónong kailangan na mga gawáin sa óras na mababa ang pangangailangan ng elektrisidád, kayo ay makatutúlong na magbáwas ng paggámit ng úling na sinusúnog upang magbigáy ng ínít (fossil fuel) at inyóng mapanáatili ang ating más malínis na kapaligiran.

### Mga Patnúbay:

Huwag bánlawán ang pinggán bágo ipások sa dishwasher, dahil magáaksaya lang kayó ng maínit na tubig. Itápon múna ang mga natiráng pagkain sa pinggán bágo ipások sa dishwasher.

Ang isa pang paraán para makatipíd ng sampúng porsyéntong (10%) halagá sa paggámit ng elektrisidád ay ang hindi paggámit ng dishwasher, kundí pátulúin ng mga bágong húgas na pinggán (dish drainer) kung nagpapatuyó ng pinggán.

Gamítin ang dishwasher áyon sa tagubílin ng taggagáwá úpang mabigyán ito ng támang sirkulasyón ng tubig.

Tignán at linísín ang mga patuyúan ng tubig (drains) at salaán (filters) sa tuwí-tuwína, úpang mapangálagáan ang kahusáyan ng serbísyo ng dishwasher.

### KAYO BÁ AY BÌBILI NG BAGONG DISHWASHER?

Kung kayó ay nagbabálak na bumilí ng bágong dishwasher, isa álang-álang ang pamumúhunan ng pera sa pagbilí ng ENERGY STAR®-angkop (qualified) na modelo, sa pagkat itó ay dalawangpút limáng porsyéntong (25%) más mahúsay kaysa sa ibáng hindi namán magaling na dishwasher.



### Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Sa paghuhugas ng pinggán, ay talagáng más mabúting gamítin ang dishwasher kaysa sa kamáy. Ipágpalagáy nátin na sa minsánang paggámit ng dishwasher, ang katumbás ay tatlo o apát na úlit ng paghuhú gas ng pinggán sa kamáy.




# Máquina na Panlabá ng mga Damít at Máquina na Nagpápatúyo ng mga Damít

## Linísin ang inyóng mga damít, hindí ang inyóng péra sa bángko.

Máquina na Panlabá ng mga Damít at  
Máquina na Nagpápatúyo ng mga Damít

### patnúbay:

Paláging gumámit ng malamíg na tubig kung nagbabanláv ng damít. Ang paggámit ng maligamgám o maínit na tubig sa rinse cycle ay hindí nangangáhulugán na más lílinis ang mga inyóng nalabháng damít.



### KAYO BA AY NAGBABÁLAK BUMILI NG BAGONG WASHER?

Ang mga mákinang panlabá na ang bukásan áy nasa haráp sa halip na sa ibábaw (front-loading washers) ay más mahál ng kaúnti kaysa sa kináguiliáng panglabá (conventional washing machines), ngúnit bukod sa ang mga itó ay gumagámit lamang ng kalahátang punò ng tubig kada isáng punò ng mga damít, ay mahúsay pa itóng magpigá ng tubig sa mga damít dahilán kung kaya madaling matuyó ang mga damít naidíná dryer, kaya namán ang konsúmo sa elektrisidád ay bumábabá din. At ang isapa ay ang mga damít na nilabhán sa front-loading washers ay mahába ang buháy, dahil sa maráhang paggúlong-gúlong ng mga itó kaysa sa marahás na pagpilipt ng agitator nakalagay sa gitna ng top loading washer na ang gawá ay inaálog at pinípilipitan ang mga damít na sinásabon at binabánlawan.

Mamuhúnan ng más maraming péra sa ENERGY STAR® -angkop (qualified) washer na gumagámit lamang ng (35-50%) tatlongpu't limá hanggáng limampung porsyéntong kaunting tubig at limampung porsyéntong (50%) kaunting elektrisidád (energy), kada isang punò ng labada, kaysa sa kinagawián na pánglaba (conventional clothes washer) ang inyóng mga naípon sa pagtitipid ng elektrisidád ay mabilis na madadagdagán.

### Mga Patnúbay:

#### MÁKINANG PANLABÁ

Punuín ng labáda ang mákina kung maaári, ngunit huwag punuín ng sóbra.

Labahán ang mga damít sa malamíg o maaligamgám na tubig. Ang walongpu't limá hanggáng siyamnapúng porsyéntong (85-90%) sa konsúmo ng elektrisidád ay dahil sa paggámit ng maínit na tubig kapag naglalaba. Makatitipid kayo ng malakí sa elektrisidád kung ang temperatura ng inít ng tubig ay ibababá.

Subúkang gumámit ng malamíg o maaligamgam na tubig para sa pagsasabón ng damít (wash cycle) kaysa gumámit ng maínit. Ang maínit na tubig ay nagpapaurong, nagpapakupas at agad sumisira ng damít.

#### MÁKINANG PANGTUYÓ NG DAMÌT

Tiyakín na ang mga damít ay napigá ng hustó bago ilagày sa dryer. (Ang mga front-loading washers ang pínakamagaling sa pagpigá ng tubig!)

Paghiwá-hiwalayín ang mga labáda áyon sa bigát, sa katamtáman at sa gaán ang mga magagaán na labáda ay más madaling matuyó.

Magpatuyo ng mga labáda ng tulóy-tulóy pára hindí masáyang ang inít na natitíra sa dryer.

Linísin ang salaán (lint filter) tuwíng matatápos magpatuyó ng mga damít. (ang baradong salaán (lint filter) ay maaáring magtaás ng konsúmo sa elektrisidád ng mga tatlungpúng porsyénto (30%) at maaári pang maging dahilán ng súnog.

Sumágap ng sariwang hangin! Gumámit ng sampáyan kapag magpapatuyó ng inyóng labáda.

### Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Lahát ng ipinagbibiling mga bago at pangunáing de koryénteng aparáto (appliances) ng mga pamamáhay sa Canada ay kinakailángang may taták na EnerGuide. Kayo ay hinahayáan nitóng magkompará ng kahusáyan sa pagtitipid ng konsúmo sa elektrisidád ng mga aparáto (appliances) na inyóng pinagiisipang bílhin. Hanápin ang taták na EnerGuide kapág kayo'y namímili ng aparáto (appliances) más mabábang bílang ng kilowat/óras, más mahúsay magtipid sa elektrisidád (energy).





# Saving Money Tips


## Mga Paraán ng Pagtitipid sa Loób ng Bahay Gaya ng Opisina at ng Iba Pang Bagay sa Pamamahay

**Ang opisina sa bahay ay isá sa posibleng dahilán ng pagsasayang ng elektrisidad (energy), pero madali kayong makapagtítipid sa inyong pagbabáyad ng elektrisidad.**

Mga Paraán ng Pagtitipid sa Loób ng Bahay Gaya ng Opisina at ng Iba Pang Bagay sa Pamamahay

Ang mga komputer (computers) at ang mga bahagi nito ay nagkokonsúmo ng elektrisidad kahit hindi ginagamit. Iplág ang bawat bahagi ng computer sa maráming plág ng koryente (power bar) na maaáring patayín ('standby' power feature), upang huwág magsayang ng elektrisidad.

### patnúbay:



### ILIGTÁS ANG KAPALIGIRAN

Humigít-kumúlang sa dalawang-katló (two-thirds) na elektrisidad ng Ontario ay nangagáling mula sa nuclear at hydroelectric na talagang hindi nagbibigay ng makapál na úsok (smog) at gas na may ácido (acid gas). Ang natiráng bahági ay nangagáling sa úling na sinusúnog upang magbibigáy ng úsok (fossil fuel) na nangagáling namán sa mga mákinang (generator) pinatátakbo ng mga plánta sa istasyon ng elektrisidad. Sa mga óras na nápakataás ang pangángailangan ng elektrisidad, tayo ay más lalo pang umaása sa mga mákinang nagbibigay ng fossil fuel. Kaya kung tayó ay gagámit ng kaunting elektrisidad, kaunti din ang mga úsok na gáling sa sinúnog na úling (power plant emissions), makatutúlong sa atin sa pagpapatúloy na magkaroon ng más malinis na kapaligiran, ngayón at sa panahón na hináharap.

### Mga Patnúbay:

Kung pápalitan ang komputer, konsiderahín ang pagbilí ng más matipid sa pagkonsúmo ng elektrisidad.

Tiyakín na nakasará ang komputer screen dahil sa ang ánimnapúng porsyénto (60%) ng elektrisidad na ginagámit ng computer ay ginagámit din ng monitor! (Ang apatnapúng porsyénto (40%) namán ay nagámit sa pagpapaáandar ng hard drive at pagpapatakbo ng mga elektrónik na kagamitán.)

Ilagáy ang inyóng entertainment system sa bahay katúlad ng rádyo, TV, estéryo, at iba pa, sa maraming plág ng koryente (power bar) at patayín ang bar kung hindi ginagamit. (Huwág patayín kung may nakakabít na reló o timer sa mga elektrónik na kagamitán.)

Alísin ang plág ng koryente sa mga TV na hindi namán paláging ginagamit dahil marámi pa sa mga itó ang gumagámit ng elektrisidad káhit nakasará na.

Maglagáy ng mga bómba (pumps) na may timer sa swimming pool kaya namán ay paandarín ang mga itó ng mga iláng óras lámang sa isáng araw. Panatíling malínis ang filter pára sa más higít pang kahusáyan ng mga itó.

Gumámit ng solar blangket upang mapanatíling maínit ang tubig sa swimming pool magdamág, at gamítin ang nagpapainit ng tubig (heater) kung kailangan lámang.

Ang solar pool heaters na nagkakahalagá ng mga tatlong líbo hanggáng limáng libong dolyar (\$3,000 to \$5,000) ay maaáring higít na katipiran kaysa sa traditional heater na kailangang ipa install at ang halagá ng gamit sa págpapainit. Surín ninyóng mulí.



### Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Ang mga komputer at monitor ay gumagámit ng kaunting elektrisidad kung ang mga itó ay binúbuksan at isinasara kapág kailangang gamítin lámang, at hindi hinahayáang bukás sa lahá ng óras. Sa katunáyan, ang lahá ng elektrónik na kagamitán ay gumagámit ng más maráming elektrisidad kapág iniwan na bukás, kabaligtaran namán sa binúbuksan at isinasara kung kailangang gamítin lámang.




## Mga maliwánag na ideá pára iláwan ang inyóng mga pamamáhay sa más mabisang paraán.

### Mga Ilawán

#### patnúbay:

Patayín ang mga ilaw sa mga kuwarto kung áalis at kung hindi kailángan, kahit mga iláng minúto lámang.



#### MAGTIPID PA NG MÁS MARÁMI

Gumámit ng bombilyang compact fluorescent ang halagá nito ay mataás kaysa regular na bombilya na nagsisimula sa halagáng limáng dolyár (\$5), ngunit itó ay maaári namáng gumámit ng pitungpu't limáng porsyento (75%) lámang na elektrisidád at, tumátagal pa ng mahábang panahon. Ang isáng bombilyang compact fluorescent ay maaáring makatúlong sa inyó na makatipid ng tatlóng ulit sa halagá ng elektrisidád na inyóng babayáran.

Para sa mga ilawán sa labas, maglagay ng motion sensor na otomátikong nagiilaw kapág may dumádaan at otomátiko ding namámatay pagkatápos ng isá hanggáng limáng minuto.

Ang mga nagpapahina ng liwanag (dimmer switches) ay hindi lang napakagalíng magpakondisyón (mood) kundí ang mga ito ay napakamúrang paraán para makatipid sa elektrisidád sa halagang nagsisimula sa sampúng dolyár (\$10). Huwág gamítin ang mga itó sa bombilyang compact fluorescent.

#### Mga Patnúbay:

Maibabába ninyó ang kalahatang pangangailángan ng elektrisidád kung ang mga maliliwánag na ilaw ay ilálagay lámang sa mga lugár na nangangailangán káysa sa buóng kabaháyan itó ang tinatáwag na "task lighting".

Ang pagbubukás ng mga persiyána (blinds) ay líbreng paraán ng pagpapaliwánag ng kabaháyan.

Para sa káhit anong ilaw na kailángang nakabukás magdamág (kagáya ng mga hagdánan), palitán ang mga bombilya na may pinakamabábang wat o isa álang-alang ang compact fluorescent o maliít na ilaw (nightlight).

Dekorasyúnan ang inyóng pamamáhay sa pamamagítan ng pagiilaw ang mga kulay na mapusyáw (lighter colours) ay nagpápaliwánag, kayá gamítin ang mga itó a mga lugár na gustó ninyóng lumiwánag.

Panatíling malínis ang mga ilaw ang maliwánag na bombilya ay ang malínis na bombilya.

#### Mga Katunáyan Tungkól sa Enerhiyá

Kóntra sa populár na paníniwála, más kaúnti ang nakokonsúmang elektrisidád kapág ang mga ilaw ay binubúksan at isinásara pagkatápos gamítin kaysa iniíwan na nakabukás sa lahá ng óras.

